# PAGUPA NG PASILIDAD



children's museum

ANG AMING MGA PASILIDAD

# IMPORMASYON

## INTERESADO KA BA MAG BOOK NG KAGANAPAN SA CHILDREN'S MUSEUM?

Maari kaming tumanggap ng nagaarkila para sa 10-1000 katao. Paki-review ang sumusunod na impormasyon, pagkatapos paki-contact kami para sa customized na quote batay sa iyong kaganapan.

# MGA URI NG KWARTO

### SOLOHAN (MAYROON NG 3)

Kasama ang admisyon ng museo para sa hanggang 50 katao.

### KUMBINASYON (MAYROON NG 1)

Kasama ang admisyon ng museo para sa hanggang 75 katao.

### GREAT HALL (MAYROON NG 1)

Kasama ang admisyon ng museo para sa hanggang 100 katao.

**Ang lahat ng upa ay may kasama na:**

- Pinababang rate para sa admisyon ng mga bisita
- Reserbang kwarto hanggang 4 na oras
- Mga lamesa at mga upuan
- Set-up at paglilinis ng kwarto

## ORAS NG PAGRENTA

**Ang karaniwang oras ng mga pasilidad ay ang sumusunod:**

| | |
|---|---|
| Sa umaga: | 8:00AM – 12:00PM |
| Sa hapon: | 1:00PM – 5:00PM |
| Sa gabi: | 6:00PM – 10:00PM |

*Paalala: Hindi pwede ang maagang pagdating o late na pag-alis ng kwarto.*

**Kailangan ng ekstrang oras sa kwarto?**
Tumawag sa aming Sales & Bookings Coordinator sa 204.924.4005 para makaalam ng impormasyon. Ang ekstrang oras sa pagarkila ay depende sa pagkaroon ng space at mga karagdagang bayad.

**Gusto mo bang magupgrade ang Evening Rental sa Private Rental para sa iyo at sa inyong mga bisita?**
Tumawag sa aming Sales & Bookings Coordinator sa 204.924.4005 para makaalam ng impormasyon tungkol sa presyo at availability ng Private Rentals.

**Wala bang magandang opsyon para sa iyo?**
Tumawag sa aming Sales & Bookings Coordinator sa 204.924.4005 tungkol sa mga plano mo, at para makuha ang customized rental quote base sa mga kailangan mo.

# CHECKLIST PARA SA RENTA NG PASILIDAD

- [ ] Tumawag sa Children's Museum sa 204.924.4005 o punan ang online Facility Rental Quote Request Form sa childrensmuseum.com para makagawa ng facility rental booking request. Ipapakiusap namin na maghanda kayo ng pansamantala at alternatibong oras para sa kaganapan niyo.
- [ ] Planuhin ang bayad sa deposito. Kailangan naming ng 50% deposit sa oras ng booking niyo. Pwede itong bayaraan via cash, cheque, debit, Visa, o Mastercard.
- [ ] Tiyaking may sapat na adult supervision para sa mga bata na dadayo sa iyong selebrasyon. Ang museo ay nangangailangan ng 1:5 adult to child ratio.
- [ ] Kailangan mo bang mag set-up sa kwarto? Ang access sa kwarto mo ay nagsisimula sa booked start time - kaya i-plan ang pagdating ng bisita ng maaga.
- [ ] Gusto mo bang gumamit ng musika para sa kaganapan mo? Idadagdag namin ang SOCAN & Re:Sound tarrifs at licensing fees sa rental mo. I-contact ang aming Sales & Bookings Coordinator sa 204.924.4005 para kumuha ng impormasyon.
- [ ] Gusto mo magpacater ng pagkain? Kailangan i-approve ng aming Sales & Bookings Coordinator ang inyong catering company at menu/food service plan. I-contact kami sa 204.924.4005 para kumuha ng impormasyon.
- [ ] Gusto mo bang mag-imbita ng espesyal na entertainer (magician, nagpipinta ng mukha, maskot, atbp)? Mayroong adisyonal na mga patakaran ang museo para sa third-party contractors at entertainers. I-contact kami sa 204.924.4005 para kumuha ng impormasyon.
- [ ] Pirmahan at ibalik ang iyong Rental Agreement. Kailangan namin ng Rental Agreement na may pirma para i-secure ang iyong rental.

# MGA EXTRA AT ESPESYAL NA SERBISYO

## MEETING PACKAGE
May kasamang mga compostable na plato, mga tissue, baso, at kubyertos.

## BEVERAGE SERVICE
May kasamang servingware rental at unlimited na kape, cream, asukal, at seleksyon ng mga tsaa.

*Palala: Para sa maliliit na grupo, pwede rin na bumili ng tig-isa'ng inumin sa Shop.*

## OLD-FASHIONED REFRESHMENT STAND
May kasamang cart rental, servingware, straw na papel, at tatlong malamig na inumin (lemonade, iced tea, at fruit punch)

## GOURMET HOT CHOCOLATE BAR
May kasamang servingware rental, service attendant, hot chocolate, gatas, at seleksyon ng hanggang 12 gourmet toppings.

*Paalala: Ang serbisyong ito ay mayroon lang mula sa mga buwan ng Nombyembre hanggang Enero*

## COTTON CANDY SERVICE
May kasamang cotton candy machine rental, service attendant, at mga gamit.

## BARTENDING SERVICE
May kasamang 2 Serving It Safe-certified na bartenders available sa buong oras ng iyong kaganapan.

*Paalala: Ang mga kaganapan ay kailangan ng approval ng museo. Maaring kailangan ng security staff sa karagdagang presyo. Kailangan rin ng liquor license, at ito ay responsabilidad ng kliente na kuhanin. Ang servingware at yelo ay maaring gamitin sa karagdagang presyo. Ang presyo ay base sa kalakihan ng kaganapan at ang uri ng alak na i-seserve.*

## GAAWIN NG MGA BATA
May kasamang pagpili ng isa sa mga sumusunod na aktibidad para sa hanggang 50 bata na pinumumunuan ng aming Activity Host.

- Dino Hunt
- Treasure Hunt
- Potions in Motion
- Slime Time
- Monkey Business
- Foam Friends
- Build-A-Boat
- Crowning Around
- My Moo-stery

## AV EQUIPMENT
- Wireless Internet
- Google Chromecast
- LCD Projector & Screen
- 50" Monitor with Blu-ray
- PA System with Microphone & Podium
- Flip Chart & Markers

**Ang lahat ng ekstra at espesyal na serbisyo ay maaaring may karagdagang bayad.**

# ANG LUGAR

**MATATAGPUAN SA GITNA NG WINNIPEG, ANG CHILDREN'S MUSEUM AY ANG PERKPEKTONG LUGAR SA SUSUNOD MO'NG PAGDIRIWANG O KAGANAPAN.**

**Nakatayo sa pinakalumang pagawaan ng tren sa Manitoba, makikita ang 12 permanenteng eksibisyon sa Children's Museum. Ang bawat isang eksibisyon ay nagbibigay inspirasyon sa malikhaing pag-aaral ng mga bata.**

I-book ang iyong susunod na espesyal na kaganapan sa amin. Kami ay walang katulad na lugar para sa:

- Mga Kaarawan
- Mga pista
- Fundraising
- Meeting para sa mga may negosyo
- Mga kumperensya
- Sleepover ng mga grupo
- Kaganapan para sa team building
- Kaganapan sa pagpapahalaga ng mga tao
- Kaganapan sa medya
- Kaganapan sa pamilya
- Resepsyon/salu-salo
- Shower para sa sanggol at shower para sa kasal
- Mga kasal
- **At madami pang iba!**

## shop

### KAILANGAN MO BA NG REGALO?

Ang tindahan namin ay nagagawa ng customized goodie bags o nakakaibang regalo (lahat ito ay ibabalot at itatabi namin ng walang bayad) sa presyo na gusto mo. Sa tulong ng aming Personal Shop-er Service, ikaw ang mamimili kung ilan o ano ang regalo mo. Kami na ang bahala sa iba! I-dedeliver ang mga regalo at goodie bags sa rental room niyo sa araw ng inyong kaganapan. Maaaring ipagbigay-alam ang mga order sa Sales & Bookings Coordinator sa oras ng inyong booking. Maaarin din silang kausapin kung kailangan mo ng tulog i-customize ang iyong order.

# TUNGKOL SA AMIN

## ANG CHILDREN'S MUSEUM AY NAGBIBIGAY INSPIRASYON SA MALIKHAING PAG-AARAL NG MGA BATA.

Bilang isang charitable, non-profit na organisasyon, naniniwala kami sa potensyal ng lahat ng bata. Nagbibigay kami ng interactive learning environment na nagpapalaki ng kapangyarihan ng imahinasyon at diwa ng pagtuklas sa sarili. Sa loob ng mahigit 30 taon, kami ang lugar para sa mga pamilyang gustong maglaro, tumawa, matuto, at umunlad.

# PAANO MAG BOOK NG FACILITY RENTAL

Madali lang mag request o mag book ng pasilidad sa Children's Museum! Nag a-alok kami ng 3 madaling paraan para i-contact kami.

**Sa Telepono:** 204.924.4005

**Sa Email:** rentals@childrensmuseum.com

**Online:** Kumpletuhin at i-submit ang Facility Rental Booking Request Form sa childrensmuseum.com

**@childmuseumwpg**

children's museum

45 Forks Market Road
Winnipeg, MB R3C 4T6
info line 204.924.4000
fax line 204.956.2122

**childrensmuseum.com**

FRB02-20E